# Babala ng Balang-Araw

TILDE ACUÑA

Bawal tumigil sa pagkakatutok *dito* sa iniisip mo, o binabasa mo, o iniisip mo at binabasa mo, kung ayaw mong malagutan ng hininga, hahabulin mo lang nga ang iyong hininga kung haharapin mo ang suliranin at ihahakbang ang sunod na mga hakbang at tugon na mga hakbang upang makapagpatuloy ang existence mo sa tekstong ito, alam mo namang titigil ang pag-iral mo kung hihinto ka sa pagbabasa at pag-iisip, kaya tutok lang sa internal, pokus lang at sasabay ang external ayon sa dikta ng iyong isip sa kagyat na dapat gawin sa sitwasyong ito, kung saan naririto ka sa teksto at kaharap mo ang matalik na kaibigang pinagmamasdan mong nakatalikod subalit napansin mong nadukot na nito ang kanyang kuwarenta y singko at nasa gatilyo na ng baril ang hintuturo niya, samantala, dinikta ng kutob at reflexes mo ang sunod mong ginawa, nadakot mo na ang lupa sa harapan mo at mahigpit na ang kapit sa tangan mong sibat, nakaposisyon na ang sandata mo nang pahiga pero hindi nagpapahinga itong sibat mo, pahalang, alalay lang, naka-parallel sa horizon, o panginorin o guhit-tagpuan tulad sa naaalala mong dagat sa dapithapon, kalmado ito tulad ng inaakala mo pero may bigwas ng mga alon mamaya, kumindat ang palubog na araw, nakarinig ka ng ingay ng static, parang white noise sa sirang telebisyon, pero nawala rin ang ugong at muli kang bumalik sa layon mo at pakay, ang makabigwas nang malakas, at para magawa ito, dapat ayusin ang pahalang na latag ng sibat, matikas ang tindig, ang dulo nito, matalim, sintalim ng titig mo, sibat at sipat mong nakaumang sa kaaway-kaibigan, naalala mo pa nang ipakilala ka ng mahusay na si pinagpipitaganang Tata Rico, *Bunsong Baoy, pamangkin ko*, sabay abot ng bata ng kamay, *Buboy na lang, boss*, maangas na siya noon, pero mukha namang mabait, pero nakakubli madalas sa likod ang kamay, tulad kanina, pero napansin mong may inapuhap siya, baril, kaya ikaw, nakahanda ang sibat, ang talim, nasa likod mo ang bisig, nakabuwelo, nakaasinta ang panudla na parang maaaring iitsa anumang oras, parang tirador, o katapulto, pero siyempre hindi bato ang bala nitong ang nais lamang ay makagalos o makatama nang hindi nakapagpapatumba o nakapagpaparalisa sa kalaban

upang maantala ang balak nito at makabili ka ng sapat na oras para kumaripas, handa nang kumawala ang projectile, pero kailangan pa ng mahabang pagpaplano ng opensiba sa nanosegundong ito kahit kailangan ng kagyat na pagpapasiya, naisip mo, *Handa na akong sampolan ang kaibigan ko ng Dumalapdap moves*, si Duma ang paborito mong anak nina Alunsina at Paubari mula sa epikong *Hinilawod* na narinig mong inawit mismo ni Lola Sinag, narinig mo sa alaala kung saan nagmamalaki si Buboy, *Lola ko, chanter, ayos ano*, mula sila sa angkan ng mga Kawal, ito ang apelyido nila, sana lang ginagamit nila sa pagtatanggol sa kapuwa, hindi mo mawari kung paanong bumilis ang pag-iisip mo at nagkaroon ka pa talaga ng ganito kahabang panahon para makaalala ng kuwento ng mga bayani, ng epiko ng inyong lahi na inakala mong nabaon na sa limot, panahon na kasi ng pagbabago, pag-angkop, pakikibagay, tatlong bagay na bukambibig ni Buboy, at, madalas niyang dinaragdag na hindi na bagay sa pag-usad ng kasaysayan, kasaysayan ng kapital, itong luma ninyong kuwentong pagkahabahabahaba at kailangan kabisaduhin, at ngayon ipinalimot dahil sa radikal nitong potensiyal, magulo si Buboy dahil kapag aayon sa nanaisin niya ang pamana ng Lola niya, pinagmamalaki niya ito, pero minamaliit niya ito sa ilang panahon, itong mga epikong hindi naman daw orihinal, at kung may bersiyon mang nakararating sa patag, na sa inyo dumaraan dahil kayo ang kabataang Tumanduk, ito 'yong epikong nahaluan na, *Wala namang masama rito*, naisip mo, *dahil hindi naman kayang makipagsabayan at makipagtagisan ng lakas sa mga hayok na makapangyarihang mga imperyalismong siyang may hawak sa pinakamalalakas na makinang pampolitika at pangkultura*, nakuha mo ang gayong pananalita mo sa kolehiyo, dagdag pa, alam mong hindi lakas ang pangunahing sandata ni Duma, kundi ang pagiging tuso nito lalo at dehado siya palagi pagdating sa pisikal na pakikihamok, iyon bang purong lakas ang gamit, tuso kayo dahil kayo ang api, nauunawaan ito noon ni Buboy noong kabataan ninyo, may narinig kang abalang white noise, static, nawala na naman, balik sa flashback, ito ang masasayang panahong magkapatid ang turing ninyo sa isa't isa dahil, sa patag, sino pa ba ang tutulong at sasalo sa isa't isa kundi ang kapuwa Tumanduk, lalo at kayo lamang mula sa inyong lahi ang nabigyang-pagkakataon para tumawid ng pitong bundok at ilog makalipas ang pitong dekada, mas mahaba pa ang biyahe ninyo kaysa inilagi ninyo sa sanlibutan ano, bakit ganoon, marami kang tanong, at, matapos ang nakahahapong pakikipagsapalaran sa kalikasan, susuko lang ba kayo sa bullying ng mga daratnang kaklase ninyong kung tutuusi'y mga lampa dahil hinahatid ng kotse, dagdag pa, ang palagay nitong mga konyong ito sa

pagpasok sa public school ay field trip sa pagharap sa "reality" gayong pawang kaginhawaan lamang ang realidad na kahahantungan ng yayamaning mga batang itong anak ng mga tagapamahala at mga kakutsaba ng mga dumadayong korporasyong nagmimina at nagtatayo ng kung ano-anong estrukturang pangnegosyo na kung tutuusi'y laong magpapaginhawa ng maginhawa na ngang buhay nitong pamilya ng mga batang ito, pero ang press release ng mga komprador na ito, serbisyo raw sa publiko ang hangad nila, kaginhawahan daw ng lahat, pawang kaginhawahan nilang nakatindig sa kahirapan ng iba o "other," isa sa alam mong other ay ang kinasisindakang kaluluwang dumadayo ayon sa tradisyong maaram ninyo, pero walang kaluluwa at kung mayroon ma'y halang ang kaluluwa nitong mga may-ari at komprador ng kapital, tulad ng "imperyalista" at "komprador" natutuhan din ninyo itong "other" sa kolehiyo, ang problema nga lang, nalulong sa pagkapit sa imperyalista, sa pagiging komprador, at pang-a-other itong si Buboy at nauwi sa identity politics, na noong una'y nadadaan sa debate at healthy kuno na paintelektuwal na diskusyon, pero nagbunga ng sitwasyong kinalalagyan ninyo ngayon, nasa magkabilang panig kayo ng digmaan ng uri, sa moment na itong nakasukbit ang hintuturo niya sa gatilyo at nakabalot ang palad mong ngayo'y kamao nang tangan ang sibat na handang ihagis anumang oras, nagdadalawang-isip ka pa at maaari din namang puwingin mo lang siya gamit ang dakot na lupa, maalalaman lang niya na rito sa lupang sumaboy sa mata niya, dito galing ang lahat at hindi ito maaari lamang ng iilan, paano mo mao-own ang mag-a-outlive sa iyo, wika ni Macliing Dulag, Ingles na version na lang ang naalala mo, hanggang, heto na naman ang static, white noise, balik sa stream of consciousness mong nagkasiya sa pitong segundo pero ilang kilometro ang haba kapag naka-transcribe, narito ka na, sa sitwasyong sinimulan kaninang hapon sa maboteng usapan at sinundan ng panunuhol para tanggapin mo ang ibinebenta niyang identity politics na hindi walang muwang, hindi inosente, hindi dalisay lang na paghahanap ng sarili o pagkatao o pagkalahi, kaya bagama't natutuhan din niya ang isinasabuhay mong Dumalapdap moves—o paglaban sa mas nakapangyayari gamit ang utak, at, marahil, gamit ang bilang, dami ng kakampi, at siyempre hindi maaaring walang taktika, gerilyang taktika, alangan namang tiradorin mo ang tangke nila, puwingin at saka itumba, Dumalapdap moves, isinasantabi na ni Buboy ang tunay na diwa ni Dumalapdap dahil maaari namang maging ang kalaban nito, ang bampirang si Uyutang, o ang halimaw na si Balanakon, sampu ang ulo ng kumag na higanteng ito, kapuwa ito tinalo ni Dumalapdap sa epiko, at sa pakiwari ni Buboy, bagong era na, maaari na ngayong

mapangibabawan nitong mga kontrabida si Dumalapdap dahil postmodern, puwedeng ang bida ang kontrabida ang bida o walang bida, puwedeng unawain ang mga halimaw, baka may humanity pa rin kay Hitler, sa dulo, wala nang grand narrative, wala na ang epiko ng bayan dahil maaari tayong magkaroon ng sarili nating pagbasa ng epiko dahil malaya na tayo sa gapos nito at bago na ang panahon at puwede na ang kahit ano dahil nakapag-aral na tayo, sabi niya sa iyo o sabi mo sa sarili mo, hindi mo matiyak dahil minsan ka na ring nagduda sa tinahak mong landas na maghangad sa utopia kung saan malayang nakakapamuhay ang mga Tumanduk, pero matapos nito, nagsusuri ka at nakababalik sa huwisyo at nakapagsusuri batay sa materyal na kondisyon, obhetibong kalagayan, imbestigasyong panlipunan, tulad ng natutuhan mo sa pamantasan dahil bagama't nasasalo ninyo ni Buboy ang isa't isa noong hay iskul, iba na ang pinasukan niyang kolehiyo pagkatapos maghay iskul at tiyak na hindi niya natutunan at wala rin naman yata siyang interes sa mga natutuhan mo, baka natutunan niya at ipinagkibit-balikat, walang gaanong alingasngas sa inyong mga paniniwala mula noong sanggol pa kayo hanggang hay iskul, o kung may alingasngas man, hindi buhay at kamatayan ang kapalit nito, dahil naniniwala pa kayo noon na lahat ng bagay ay madadaan sa mabuti at maboteng usapan, at magkakaunawaan din nang walang nasasaktan, usap lang, malulutas, hanggang nagkahiwalay kayo nang tuluyan ng landas sa kolehiyo, hindi naman gaanong malayo ang distansiyang literal kasi isang kalsada lang ang pagitan, isang tawid lang, walking distance lang, o isang jeep mo lang at isang taxi niya o grabcar o di magtatagal isang drayb niya lang dahil binilhan na siya ng kotse ni Amang Baoy, tatay niyang hepe na ng Sandatahan, pinanindigan ang apelyido nilang Kawal, iba rin ang paninindigan, malapit lang talaga kayo sa aktuwal, ganoon lang kayo kalapit sa isa't isa, nasa magkabilang tipak ng lupa lang kayo ng Katipunan, kahanay na nga ng eskuwela niya ang Town Center na pinauupahan nang mura ng unibersidad ninyo, mura lang sa mga Ayala, mga tinatawag ninyong burgesya komprador o aristokrata, mahal sa maninindang may makeshift stall o aristocart, siyempre, bagama't alam mong dapat murahin ang uring tulad ng sa mga Ayala at dapat mahalin ang tulad ng sa mga manininda, static na naman, nabalutan ng angal ng mga sasakyan ang ingay, natahimik, nakalanghap ka ng usok habang tumatakbo nang mabilis ang utak, at naroroon na ang kamalayan mo sa Katipunan, ayun, tuloy, bagama't magkalapit ang kinalalagyang lugar, nagkakalayo ang mga damdamin, nakakubli ito sa hiritan, halimbawa, biro ni Buboy, na hindi naman nakakatawa pero kailangan mong pakisamahan, *Mas malapit ako sa ating*

*kultura dahil banog ang simbolo ng pamantasan ko*, na sinagot mo naman ng maikling pakli, *Ulul*, at kapuwa kayong hahalakhak sa gasgas nang hiritang palagiang ganoon, na parang ito ang shake hands o high five o fist bump ninyo tuwing nagkikita o ewan, kung anuman, pero biruan lang ang mga itong nakaugalian nang sambitin kasabay ng kaugaliang pag-inom ng pangasi, o rice wine, na dinala ninyong gawi hanggang sa siyudad, itong pangasi rin ang tagay ninyo sa bawat sasalusalong dinaluhan, bawat tagumpay at kabiguang kailangang ibahagi sa isa't isa, kabilang dito ang pagtatatag ng paaralan at pagbubuo ng kurikulum tulad ng yumayabong noong Duyan Turun-an, isang mobile na eskuwelahang dinadala sa kung saan-saang lupalop ng mga bundok ng Panay, nagkakampo pansamantala at maaari nang mag-aral depende sa antas ng kamulatan at kahandaan ang mga nais lumahok hanggang, di nagtagal, nagkaroon ito ng sentruhan sa Antemasque, dating nasasakupan ng Hamtic, lahat ng papeles tulad ng mga rekord at iba pang mahahalagang dokumento ay dito tinitipon kaya madali ring nabura, naupos, naabo ang pamana ng Duyan Turun-an, dahil nang salakayin ito ng mga militar, sa tulong na rin ng ama ni Buboy, natunton ang di-gaanong tagong lokasyon nito, dahil bakit nga ba magtatago, dapat nga lantad at madaling mapuntahan kung nais maging accessible ang education sa lahat ng nagnanais, matapos itong panununog, nagkaroon ng ilang pagsasampa ng kaso, na sinabayan ng ilang kilos protesta dahil sa bagal ng daloy ng kaso, hanggang nakialam ang tiyuhing nakatatanda ni Buboy, ang Tata Rico na diumano'y lumapit sa munisipalidad, maging sa ilang matataas na opisyal ng pambansang pamahalaan upang humingi ng pondo para tulungan siyang magtatag ng paaralang magtuturo ng kulturang inaayawan na raw ng mga kababayan niyang hindi edukado, iyak pa nito, *Paano na kung ganito ang ating mga kabataan*, halimbawa nga, ang epiko ng kanyang inang si Lola Sinag, kaya pagpasensiyahan na raw, sabi sa iyo ni Buboy, at kailangan daw ang ganito at iba pang paninikluhod na kailanma'y hindi naman ninyo mapagpapasensiyahan dahil ang pagiging tuso ay ginagamit sa mas malalakas na kaaway hindi sa mas mahihinang kapuwa mo Tumanduk, kapuwa kayo Tumanduk, pero iba na ang katapatan ng angkan ni Buboy, tila nasa kultura, hindi ba dapat tao muna ang pahalagahan bago kalikasan o kultura o kapital, anong klaseng adbokasiya ang para sa kultura pero kontra sa tao, itong si Buboy na, bilang matalik mong kaibigan, naalala mong agad itong lumapit sa iyo noon, at madalas itong mauulit, noong pagkakataong iyon, na iyong naaalala ngayon mismo dahil kanina lang naulit itong mga eksenang ito, humingi ng dispensa sa ngalan ng kanyang pamilya, pero agad mo itong tinabla, agad mo ring

tinabla kanina, kaya nga humantong sa ambahan, hindi 'yong sinaunang pormang pampanitikan ng mga Mangyan, kundi ambahang bantaan sa buhay ng isa't isa, na hindi masama, kailangan talaga ng opensiba at depensa sa sarili sa ganitong mga panahon, kinailangan mo ring tanungin nang retorikal si Buboy, *Ang magkapatid bang nakatatandang Kawal ay mga huklubang nagtatago sa ngalan ng kultura para ipagbunyi ang pasismo ng neoliberalismo, ang mga Tata mo ba, sila ba ay mga mersenaryong bayaran, ang isa'y tuta ng gobyernong naggawad dito ng parangal at ang isa'y tuta at deputado pa ng militar*, ipinagpatuloy mo ang nakaka-offend na nakapagpatahimik kay Buboy na ngumingisi-ngisi at iniisip na puro kahardkoran katibakan kakomonestahan na naman ang pinagsasabi mo, pinanindigan mo ito at hinambalos siya nang hardcore, *Nasa dugo ba ninyo ang pagtataksil sa kapuwa Tumanduk*, sumimangot ang kaninang ngiti, at hindi tumugon ang kausap, nagsalubong ang kilay nito, nagdilim ang paningin, tumalikod, hinablot ang envelope at iba pang gamit, nagpasiyang umuwi na lamang, nagpasiya ka ring umuwi pero hindi mo napanindigan nang nagpasiya kang sabayan ang lakad niya upang, sa huli nang pagkakataon tulad ng maraming huling pagkakataon, muli mong maipaliwanag sa kababata na higit sa pagkakaibigan, mahalaga ang buong lahi ng mga Tumanduk, higit sa pagpreserba ng kultura at pangangarap na romantiko at sentimental para sa sining, mga tao ang nagbibigay-saysay sa kultura at sining, tinanong mo sa kanya, *Hindi ba malinaw na taumbayan ang nagpapasiya sa kulturang nakasandig sa ekonomikong kalagayan ng lahi, ano ba ang hindi mo maintindihan, mawawalang-saysay ang lahat kung mawawalan ng panirahan ang mga Tumanduk, kapag nalason na tayo ng mga basura ng minahan, kapag nalunod tayo ng baha at lupang rumagasa dahil sa raket na dam at iba pang kunwaring kaunlaran*, agad niyang pinutol ang pananalita mo, sumagot ito, *Kayo ang hindi makaintindi dahil ginagawa ng ama at tiyuhin ko ang lahat para mapadali ang lahat para sa atin dahil para sa ikabubuti nating lahat itong pakikipaglarong mala-dunganon at mala-Dumalapdap*, agad mong binasag, *Hindi ganyan ang pamamaraan ng mga bayani nating minsan mo nang sinabing wala nang katuturan sa postmodernong panahon, paano mo maipapaintindi kung bakit humantong sa panunuog ng sentrong Duyan Turun-an ang kampanya ninyong kontra-insurhensiya, dahil ba nawawalan ng estudyante ang pribadong mga pamantasan ng mga kasosyo ninyong mataas kung sumingil sa edukasyong mga multinasyonal na korporasyon naman ang makikinabang*, at hindi niya sinagot ang tanong mong retorikal, at kung mapapansin mo, mas mahaba palagi ang linya mo rito sa palitan ninyo ng diyalogo, Tagalog pa, o Filipino, nakuha mo ang kasanayan sa wika

sa kolehiyo, mas mahaba talaga ang mga linya mo, malamang, ikaw kasi ang bida pero nahihirapan kang tanggaping kontrabida ang kaibigan mo, tunggalian ito ng uri, naroon siya sa kabila, istatik na naman, tunog ng dial-up Internet na hindi makakonekta, tumahimik, saglit lang at nagka-static, at natural na ang tunog ng paligid, parang lumang panahon, 'yong silver screen na nakikita mong parang abuhing sanga, biglang naging sepia o kulay ng tuyong dahon, bakal na nagkulay-kalawang, nakita mo ang sarili mo nang nabalitaan mo na makalipas ang isa, dalawa, tatlong taon, biglang kinilala na ng Sentrong Pangkultura ng Pilipinas ang pagsasarili ng mga Tumanduk sa pagtuturo sa sarili, lahat ng ito salamat sa Balay Turun-an ni Tata Rico, nasa telebisyon siya, pinapanood ng pamilya mo, nasa kompyuter ka at siya rin, si Tata Rico, ang nasa balita sa newsfeed, malalaman mo na lang, na makalipas ang apat, lima, anim, pitong buwan ay ginawaran na bilang Manlilikha at Kulturati ng Sulod—ang tawag sa inyo ng mga tagapatag—at nagkaroon pa ng kasunduan sa isang palimbagan ng pambansang pamantasan, ang oral ninyong panitikan, maitatala na, magiging nasusulat na tulad ng Bibliya, may book deal, ilan ba, sampu, siyam na libro sa tulong ng isang iskolar sa Visayas branch ng pamantasan, pero ang mga manlilinlang na nang-uuto ng kapuwa Tumanduk ang co-awtor, may kontak kasi sa militar itong mga Kawal, tinatakot nila ang nabanggit na iskolar, hindi ang buhay niya ang direktang pinagbabantaan, tinatakot, dinedemonyo, wika nila sa mga tulad ng iskolar na napapadpad kung saan deployed silang mga sundalo, *NPA ka ba, hindi, mabuti, aswang ang mga NPA kung mandahas, ilan na ang nadukot ng mga iyan dito, kung hindi ka NPA, dito ka sa mga Kawal mag-riserts, safe ka rito, sagot ka namin, kami bahala sa iyo*, itong NPA, o Bagong Hukbong Bayan, sinisiraan ng mga militar, paramilitar at mga kakutsabang Tumanduk sa pangunguna ng mga Kawal na kontra-karahasan daw ng Kaliwa, pero kaibigan ng Kanan, tapos may book deal pang tumulay sa iskolar na nais lang namang manaliksik, *Iba na ito*, sabi mo sa sarili, nakakita ka na ng mga NPA, ito 'yong umaatake sa mga minahan at dam, sinisira ang mga makina para hindi na makapaminsala, sumasamsam ng mga armas ng sandatahang interes ng mga korporasyon ang ipinagtatanggol, mga minahan at dam na madalas tinututulan ninyong mga Tumanduk dahil nanghihimasok na nga sa ancestral domain ninyo, nandurukot pa, sa tulong ng mga militar, hindi lang tao ang dinurukot nitong mga korporasyon kundi mineral resources, nambubulabog na ng bahay ng may bahay, nagpapahirap at nananapos na ng buhay, nandarambong pa ng mga pinakaiingatang yaman, kapag nagalit ka, sila pa ang galit, sila pa ang tagapagligtas sila pa ang provider ng trabaho sila pa ang

anak ng diyos sila pa ang mabuting mamamayan sila pa ang nagkakawanggawa, pero sino ba ang nagkakatrabaho at magkano ang pasuweldo at gaano ang damage sa kalikasan, itong mga Kawal, ito ang maraming trabaho at tiba-tiba tubo, kumakamal ng pera, akala mo iba si Buboy, wala naman talaga sa angkan o dugo iyan, depende lang talaga sa kamalayang madedevelop sa iyo, pero dahil may pinagsamahan kayo, wala munang basagan ng trip, ito ang akala mo, kaya magpupursigi ka na lamang sa pinili mong landas, at magsisipag at magtitiyaga siya sa kanila at sa pamilya niya, at abangan na lang ang susunod na kabanata, may mga pag-uusap pa naman, talakayan, hamigan, sa kakaabang mo ng susunod na kabanata, may patalastas ng white noise, static, may kulay na ulit ang lahat, hindi na kulay yero o kalawang, ano ba itong paningin o pangitain mo o deliryo mo sa pitong segundong time frame ng kuwentong ito, at ito na nga ang kasunod na kabanata, anupaman at magtatagpo rin at inasahan mo rin naman itong pagtututukan ninyo, tagisan hindi na lang ng titig o yabang o alaskahan o payamanan, kundi tagisang armado ng pagtingin sa lipunan at pagtangan sa aktuwal na armas—itong huling tagisan ang hindi mo lubos maisip, dahil kapuwa kayong nasanay na sa ututang dila, hiwaang dila, ratratang dila, bla bla bla balitaktakan sa pamantasang nag-a-agree diumano ang mga tao to disagree at wala pa ring lamat ang pagsasamahan ng isa't isa, walang samaan ng loob, diskurso lang, hindi mo inakalang darating itong panahong kailangan ninyong pagpasiyahan kung sasampolan ninyo ang isa't isa para lang mapatunayan kung sino ang tama, ano nga ba ang tama, sinuhulan ka na, inoferan ka na ng mataas na posisyon, sinuhulan na rin ang iba ninyong kaibigang nakikibaka, hindi ka pa bumigay, wala pa sa inyong tumiklop, walang natinag, walang nasuhulan, para ano, para ano ba, para payagan ang dam at makipagtulungan sa mga korporasyon at kumbinsihin ang mayorya na tanggapin na ang offer ng kompanya dahil sa ganito lang sila makakaganansiya dahil kung tatanggihan pa nila ito, tingga na at hindi na pera ang ihahain sa kanila, tangkang pangongonsiyensiya ni Buboy, *Alam mo bang dadanak ang dugo kapag hindi tayo nakipag-usap nang maayos sa mga tinatawag ninyong imperyalista, ilang Tumanduk ang gusto mong mamatay at magdusa, humantong sa pagiging bangkay imbes na barya, barya man, pera pa rin*, akala mo, lulubayan ka na niya pero alam mo ring hindi basta-basta susuko ang kaibigan mo, kailangan ka nila sa kanilang panig, pati ang pamilya mo, mabuti na lang normal sa kanayunan ang may bitbit na sandata, malamang, dalawa ang gobyerno sa kanayunan, hindi lang alam ng mga nasa lungsod, o hindi nila pinaniniwalaan, kaya may mga militar at rebolusyonaryong umiikot dito, rumoronda pareho,

pero sino sa palagay natin ang nauubos kapag may engkuwentro, 'yong walang suporta ng masa at ng Tumanduk, naririto ang magkabilang armadong puwersa kaya walang magagawa ang mga Tumanduk kundi pumili kung sino ang tutulungan at kung paano pakikisamahan ang nagtatagisang puwersa, at hindi nahirapang pumili ang mamamayan sa hanay ninyo dahil mas magalang ang mga gerilya kompara sa mga sundalo, nakikisama ang mga NPA, para saan pa at *kasama* ang tawagan nila, nagdadala ng makakain minsan, sumasama sa pagsasaka nang madalas, tumutulong sa pagresponde sa mga pangangailangan ng mga Tumanduk, minsan, matindi ang pangangailangan ng mga katutubong ito, ninyo, ng kalakhan sa inyong natuto na ring makibaka sa anumang paraang maiaambag, minsan umaabot ang pangangailangan sa puntong dapat mapatigil na ang mga proyektong pangkaunlaran ng gobyernong ibang bayan ang pinauunlad, pauunlarin ng pamahalaan ang ibang bayan dahil makakakubra ang matataas na opisyal, ang kubrang itong dinambong sa kalikasan at sa katutubo ay may trickle-down effect sa mga Filipinong nasa kapangyarihan, nasa posisyon sa estado, na nagiging ganap lang naman ang kapangyarihan dahil may sandatahang lakas sila ng Pilipinas, sandatahang lakas ng Pilipinas sa pangalan pero sandatahan ng puhunang dayuhan sa katotohanan, sandata lang ang maipanlalaban sa sandata, walang magagawa ang awit ng epiko, ang mga bayani nito, at ang sining ni Tata Rico para mapaginhawa ang mga Tumanduk na pinahihirapan ng mga militar, ang katauhan o pagiging tao ng mga gerilya tulad ng ilang tiyuhin at ng mismong nanay mo kontra sa kahayupan o pagiging halimaw ng mga sundalo tulad ng ama ni Buboy, si Amang Baoy na hindi pa nakontento sa pagiging military informant, humantong pa ito sa pagiging paramilitar, hanggang opisyal na sumanib sa sandatahan at naging mataas na opisyal sa Army na siyang pinagkukunan ng pamilya Kawal ng pagkain, bahay, bala at baril na hawak ngayon nitong kaibigan mong matapos sumablay sa pagkumbinsi sa iyo tungo sa kanilang panig, panunuhol para makipagtulungan ka na lang, ay nagpasiyang tutuluyan o uutasin ka na lang, dahil ano na nga ba naman ang silbi mo, ni hindi ka mapakinabangan para sa kaayusang hinahangad ng angkang Kawal na ang nais lang naman ay ma-preserve ang heritage, okey nang ma-preserve ang heritage, kahit huwag na ang mga tao, cultural heritage ang mahalaga, umiiral ito sa vacuum, maayos ang lahat basta sila ang may hawak ng prehistory, oral history ng mga Tumanduk kaya sila ang magpapasiya ng makabubuti para sa lahi, tunay ngang mga kawal, kawal ng kaunlarang nagsusulong ng ekonomiya dahil pabor sa Jalaur River Multipurpose Project Phase II (JRMP2), noong una, nakumbinsi ka nang kaunti ng kaibigan mo,

kahit pa sinabihan ka na noon ni Cynthia na layuan si Buboy, dahil sa halang ang kaluluwa nito at ilang ulit nang nawalan ng dungan pero nakatatayo pa rin, ayon rin sa grupong Dagsaw, mga kaalyado ninyong gumawa ng masinsing pag-aaral, malapit sa aktibong fault line ang site ng JRMP2, prone sa landslide ang erya kapag bumuhos ang ulan at sakaling pakawalan ang tubig dahil hindi kakayanin ng wall ng dam ang dami ng tubig, magdudulot ito ng pagbaha at pagkawasak sa mga karatig-pook na tahanan ng mga Tumanduk, matapos mapagsabihan ng kasama, agad kang pumunta sa kaibigan, kalmado pero tensiyonado, tinanong mo, *Dahil ba hindi kabilang ang pamilya Kawal na may miyembrong National Living Treasure, the Tata Rico, the Great, the Author, published Author, co-author sa premyadong pamantasan, dahil konektado sa henyo ang mga Kawal, kaya maraming perks tulad ng pagkakaroon ng tahanang ligtas at maaliwalas at malayo sa JRMP2, kaya lolokohin na ng pamilya mo ang ibang pamilyang Tumanduk,* tugon ni Buboy, *Kaunting sakripisyo lang naman, dagdag pa, nakikita namin ang potensiyal mo at ng pamilya Karit sa pagiging matulungin sa adhikaing ito*, dagdag ng kausap mo, *Alam naming mga Kawal na maaasahan kayong alyado*, agad kang pumalag at nagtanong, *Sino'ng may sabi, kailan pa*, sinalo agad ang banat ng kaibigan sabay abot ng naka-envelope na kung ano, *Para naman tayong walang pinagsamahan*, mukhang makapal ang nasa loob, umiling ka at naalala mo ang pag-iling mo nang lapitan ka ni Buboy para tumakbo sa partidong kakulay ng banog ng kanyang eskuwela sa kabila ng Katipunan, bughaw, mga dugong bughaw na posturang aktibista rin at progresibo, ganito rin ang galawan, inoferan ka ng kung magkano, malakas daw ang tambalan ninyo kung sakali, tiyak na mananalo dahil maalam ang mga buwitre, este, banog, este batang ito na lumaro sa totoong politika, bahagi ba ng totoong politika ang bribery, umiling ka at nag-walkout, binawi ni Buboy ang offer at sinabing biro lang ito, lingguhan kayong nagkita nang hindi nag-uusap hinggil sa politika, hanggang tumutok na kayo sa kani-kaniyang pinagkakaabalahan, umaasa na mahihila, hamig, hatak, kaladkad ang kabila sa inyong panig, hanggang naririto na sa hantungan, kapag nagkasibatan at nagkabarilan, handa na ang propaganda ng sandatahan, tribal war ito, hindi class war, pero hindi naman nila kailanman babanggitin ang tunggalian ng uri, ang gawain lang nila ay mapalabo nang mapalabo ang isyu, iiwas sa usaping pandarambong ng mga proyektong pangkaunlaran ng Emperyo, static na naman, masakit sa tainga, pero nawawala rin, bawal tumigil sa pag-iisip, bawal tumigil sa pagbabasa, bawal tumigil sa pagsusulat ng mga naiisip at nababasa, bawal tumigil sa pag-alala, kapag tumigil ka, mawawala ka sa *rito* sa kinabukasan,

babalik ka sa nakaraan, ano na ang gagawin mo sa moment na ito, maglalaho ka kapag natapos itong naratibo, may white noise na naman, naririnig mo, hindi, bakit, bakit ka natigilan, tuluyan lang dapat sa talaan, sisibatin ba o sisipatin lang, bakit ka titigil, bawal tumigil, ano ang gagawin mo, isipin lang huwag gawin, ito ang dapat, may nangangamoy kasi, naputol ang kable ng koryente ng kapitbahay o natutupok na paaralan o sumisingaw na pulbura, may pumutok pero hindi galing sa kuwarenta y singko ni Buboy, may bumulagta pero hindi mo tiyak dahil ngayon, nakaupo ka na sa upuan mo, ibinalik ka na sa nakaraan, burado ka na sa kasalukuyan, bawal tumigil doon sa kakaalala at kakaproseso, hindi ka na makababalik dito, sinabihan ka namang bawal tumigil, pero hindi mo sinunod ang batas, magigising ka na sa malayong nakaraan ngayon